

**LUNGSOD NG HAYWARD  
PANAWAGAN O PAUNAWA NG  
PANGKALAHATANG MUNISIPAL NA HALALAN**

**IBINIBIGAY ANG PAUNAWA SA PAMAMAGITAN NITO** na isang Pangkalahatang Munisipal na Halalan ang gaganapin sa Lungsod ng Hayward sa Martes, Nobyembre 5, 2024, para sa mga sumusunod na opisyal:

Para sa Apat (4) na Miyembro ng Konseho ng Lungsod – Buong terminong apat na taon

Ang panahon ng nominasyon para sa mga katungkulan ito ay magsisimula sa Hulyo 15, 2024 at magtatapos sa Agosto 9, 2024, sa ganap na 5:00 p.m. Kung ang mga dokumento para sa nominasyon para sa kasalukuyang nanunungkulang opisyal ng lungsod ay hindi inihain hanggang Agosto 9, 2024, palalawigin ang panahon ng paghahain hanggang Agosto 14, 2024, sa ganap na 5:00 p.m.

Ang impormasyon sa nominasyon ay makukuha sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Tanggapan ng Klerk ng Lungsod, 777 B Street, Hayward, California, (510) 583-4400, sa pagitan ng mga oras ng 8:00 a.m. at 5:00 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Makukuha rin ang impormasyon sa website ng Lungsod sa <https://www.hayward-ca.gov/your-government/elections>

Kung walang sinuman o iisa lamang ang nominado para sa isang ibinobotong katungkulan, maaaring isagawa ang paghirang ng ibinobotong katungkulan gaya ng iniaatas sa Seksyon 10229, Kodigo ng mga Halalan ng Estado ng California.

Ang mga botohan ay magbubukas sa pagitan ng oras na 7:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. sa Araw ng Halalan.

PINETSAHAN: Hulyo 5, 2024  
Miriam Lens, Klerk ng Lungsod  
Lungsod ng Hayward